

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-17 ng Hunyo 2020

ANONG BAGO

UPDATE MULA SA KEMH

Ang mga resulta ng mga swabs na sinusuri ng KEMH ay nananatiling negatibo sa COVID-19.

Mula sa petsang ito, apat na raan at labing tatlong (413) swabs na ang nasuri sa ospital gamit ang isang PCR analyser.

PAGLULUWAG NG MGA PAGHIHIGPIT

Simula noong nakaraang Biyernes, ang mga dating hindi kasamang mga negosyo ay nakapagbukas nang muli, habang ang mga indibidwal na kinukunsiderang higit na nanganganib sa COVID-19 ay maaari ng makalabas sa isolation.

Gayunpaman, ang Gobyerno ay mabilis na nag-abiso na kung magkaroon ng positibong resulta ng pagsusuri ay maaari itong makaapekto sa pagluluwag ng mga paghihigpit.

Ang mga desisyon na ito ay naging dahilan ng patuloy na paglabas ng negatibong mga pagsusuri ng COVID-19 sa loob ng dalawang linggong surveillance testing na magtatapos sa Biyernes, ika-19 ng Hunyo.

Ang lahat ng resulta ng surveillance testing ay lumabas na negatibo sa COVID-19 ngunit para sa kaalaman ng lahat, gagawa kami ng isang pahayag na magbibigay ng final na resulta ng dalawang linggong surveillance swabbing.

Ilalabas ito sa katapusan ng Biyernes ng hapon.

Nais pasalamatan ng Gobyerno ang lahat ng nasa isolation ng hanggang labing-dalawang (12) linggo sa kanilang pasensya at pagsunod sa mga patnubay.

Habang maraming tao ang masayang nakalabas na sa isolation, maaring magdulot ito ng pangamba para sa iba. Nais ipaalala ng KEMH sa publiko na may health staff na nakatalaga upang magbigay ng pag-alalay sa sinumang nangangailangan ng suporta.

Pinasasalamatan din ng Gobyerno ang mga negosyong nakabalik na sa operasyon sa kanilang kooperasyon sa mga panahong ito.

Nakapagresponde sila ng maayos sa aming hiling na magpasa ng mga plano sa kung paano sila ligtas na makakabalik sa kanilang operasyon at umaasa kami na maging matagumpay ang kanilang muling pagsisimula.

Isa pang paalala para sa mga magulang ngayong weekend – magbubukas muli ang mga playparks sa Stanley simula Biyernes.

SURVEILLANCE SWABBING

Umusad na sa susunod na yugto ang KEMH sa kanilang malakihang surveillance swabbing para sa buong populasyon para sa COVID-19.

Sa simula ay naka-tutok ito sa mga negosyo at departamento na nanatiling naka bukas, katulad ng KEMH at mga main food retailers.

Ito ay nagpatunay na matagumpay at ang KEMH ay susubukan na isagawa ito sa iba pang mga negosyo at iba pang departamento sa FIG na may regular na pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng publiko.

Sinabi ng Chief Medical Officer na si Dr Rebecca Edwards, na susubukang makuhanan ng swab ang sampung (10%) porsiyento ng populasyon, kasama ang nasa MPC, kada dalawang linggo. Ito ay higit-kumulang sa apat na raan (400) na tao kada dalawang linggo.

“Ito ay parang paulit-ulit na snapshot ng populasyon. Ang swabbing na ito ay mahalagang bagay para masubukan at makita ang SARS-CoV-2 Virus, lalo sa mga taong maaaring asintomatiko o hindi nagpapakita ng sintomas.”

“Ang ibig sabihin ng asintomatiko ay sila ay hindi nagpapakita ng sintomas na may katulad sa sintomas ng trankaso ngunit maaaring nagdadala ng virus. Wala pang natutukoy na mga kaso ng COVID-19, ngunit palaging may posibilidad na magkaroon ng asintomaktikong pagkalat nito, kahit na mayroon nakalagay na labing-apat (14) na araw ng quarantine.

Sinabi ng Chief Medical Officer na si Dr Rebecca Edwards na wala pang natutukoy na mga kaso ng COVID-19, ngunit palaging may posibilidad na magkaroon ng asintomaktikong pagkalat nito, kahit na mayroon nakalagay na labing-apat (14) na araw ng quarantine.

“Gayunpaman, hindi maaaring makita ng surveillance swabbing ang lahat ng COVID-19 sa kumunidad kung magkaroon man ng panibagong outbreak, kaya’t pinaka ipimportante sa lahat na ikaw ay manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit na may sintomas na katulad ng sa trankaso at humingi ng abisong medikal.”

“Magbibigay ng karagdagang kasiguraduhan ang surveillance swabbing laban sa COVID-19, dahil dito maaari nating makita ang mga kaso na pailalim na kumakalat sa komunidad at agad na mapigilan ang pagkalat nito. Dahil dito, tayo ay makakatugon ng mas mabilis sa pamamagitan ng pag-se-self isolate ng mga tao, habang inaalam natin kung sino ang kanilang nakapagugnayan ng malapitan.”

Sinabi ni Dr Edwards na kakaunting mga bansa lamang sa buong mundo ang nakakapagsagawa ng surveillance swabbing ngunit maswerte ang Falklands na ito ay may maliit na populasyon at kaya nitong mapanatili ang matatag na programa.

Kung ang iyong negosyo ay nais na mapabilang sa surveillance swabbing, maaaring mag email sa surveillance@kemh.gov.fk na may subject heading na "Surveillance" sa lalong madaling panahon.

Makikipagugnayan ang ospital sa iyo para ipaliwanag kung paano isasagawa ang mga proseso at para sa kahit anong karagdagang impormasyon na maaring hingin patungkol sa iyong negosyo.

NIGHTINGALE STANLEY

Ang ensayo sa pansamantalang pasilidad na ospital na Nightingale Stanley ay nagsisimula na.

Ginamit ngayong araw ang Stanley Leisure Centre gym para gawin itong overflow facility para sa KEMH.

Ang ensayo ay kinukunan ng pelikula para gamitin sa pageensayo sa hinaharap.

Dahil sa ensayong ito, ang Leisure Centre ay pansamantalang nakasara mula alas-nuebe ng gabi (9 pm) sa Martes, ika-16 ng Hunyo hanggang alas-singko (5pm) ng hapon sa Biyernes, ika-19 ng Hunyo.

AIRBRIDGE FACE COVERINGS

Simula sa ika-15 ng Hunyo 2020, bilang pagsunod sa mga patnubay ng Gobyerno ng UK, ang mga pasahero na bibyahe sa South Atlantic Airbridge ay nangangailangan na magsuot ng face covering.

Ang lahat ng pasahero na may edad na labing-isa pataas ay dapat na may dalang face covering kapag sila ay mag-rereport sa Air Terminal at kailangan na mag-suot ng face covering habang nasa loob ng eroplano.

Ikaw ay tatanungin para magpakita ng pruwera na ikaw ay may face covering sa check-in at ikaw ay maaaring hindi papasukin sa South Atlantic Airbridge , kung wala kang face covering.

Ang mga pasahero na hindi mag-susuot ng face covering habang nasa loob ng eroplano ay maaaring hindi palabasin at sasagutin ang anumang pagsasayos at gastos na may kinalamana sa kanilang alternatibong plano sa pagbibiyahe.

UPDATE MULA SA LATAM

Kinumpirma ng LATAM sa GIG na ang kasalukuyang suspension ng mga eroplano na nagsisilbi sa Chile at Brazil ay magpapatuloy hanggang Hulyo.

Patuloy na binabantayan at sinusuri ng FIG kasama ng LATAM ang mga kalagayan sa regular na paraan at karagdagang mga updates ang ibibigay sa takdang panahon.

MGA PAGHIHIGPIT SA BIYAHE SA GITNA NG STANLEY AT MPC

Ikukunsidera ng mga MLA sa susunod na linggo ang mga pagbabago sa kasalukuyang polisiya sa paghihigpit sa pagbiyahe sa gitna ng Stanley at MPC. Ang anunsyo ay isasagawa sa lalong madaling panahon.

TREASURY SUPPORT PROGRAMMES

Noong ika-25 ng Marso 2020, inanunsyo ng FIG ang isang emergency support package para sa mga negosyo sa pampridadong sektor na may mga manggagawa at mga self-employed na naapektuhan ng COVID-19 pandemic.

Sinumang nais na sumangguni tungkol sa kanilang claims, o tumanggap ng abiso sa paggawa ng claim, mag email sa treasury.support@sec.gov.fk. Ang mga detalye at application forms para sa lahat ng support measures ay makikita sa web page na fig.gov.fk/covid-19 sa ilalim ng *Information*.

KEMH PHARMACY

Inadjust ng pharmacy ng KEMH ang kanilang opening hours mula Lunes, ika-22 ng Hunyo.

Ito ay bukas Lunes hanggang Biyernes mula 9:30am hanggang 12:30pm at 1:30pm hanggang 4:30pm at sarado ng Sabado at Linggo.

Mula Lunes, ang repeat prescription request box ay ibabalik sa KEMH reception.

Gayunpaman, maaari mo pa ring gawin ang iyong orders sa repeat prescription sa mga susumusunod na paraan:

Email: pharmacyoffice@kemh.gov.fk

Teleponong: 28011 kung nais umorder ng prescription sa pamamagitan ng telepono.

Maglaan ng dalawang (2) araw mula sa pag order at pagkolekta ng repeat prescriptions.

Para sa iba pang katanungan, tumawag sa numerong 28010.

SUSUNOD NA UPDATE

Paalala na an gating COVID-19 updates ay inilalabas isang beses sa isang linggo, tuwing Miyerkules.

Kami ay maglalabas ng karagdagang update sa pagitan nito kung may mahalagang impormasyon patungkol sa COVID-19.

Ang ating web page, www.fig.gov.fk/covid-19 ay maraming mapagkukunan ng mga patnubay at impormasyon.